

## Gabay ng Plano sa Pamamahala ng Pagkakatantad sa COVID-19 sa mga Lugar ng Maagang Pangangalaga at Edukasyon

Tandaan: Ang dokumentong ito ay madalas na binabago. Mangyaring tingnan ang petsa sa webpage para sa pinakabagong bersyon

**Kamakailang mga Pagbabago:** (Ang mga pagbabago ay naka-highlight ng dilaw):

**12/19/2022**

- Mga napapanahong rekomendasyon kung kailan ang mga malalapit na nakasalamuha na nagkaroon ng kamakailang impeksyon sa COVID-19 (ibig sabihin, sa loob ng nakalipas na 90 araw) at walang mga sintomas ay dapat na magpasuri pagkatapos ng pagkakatantad.

**10/27/2022**

- Ang pag-uulat ng mga indibiduwal na kaso ng COVID-19 sa kapaligirang ECE ay hindi na iniaatas. Sa hinaharap, ang anumang kumpol ng 3 o mas maraming magkakaugnay na mga kaso sa loob ng 14-araw na panahon ay dapat na iulat sa Pampublikong Kalusugan agad-agad at hindi dapat lalampas ng 1 araw ng negosyo.
- Ipinaliwanag ang mga kahulugan ng malapitang nakasalamuha upang isama ang mga pagtutukoy ng CDPH para sa malaking mga panloob na espasyo. Sa mga panloob na espasyo na hihigit kaysa sa 400,000 kubikong talampakan bawat palapag, ang mga malapitang nakasalamuha ay mga indibiduwal (kawani at mga bata) na nasa loob ng 6 na talampakan ng isang nahawahang tao sa loob ng 15 minuto o higit pa sa loob ng 24-oras na panahon. Sa mga panloob na espasyo na 400,000 kubiko talampakan o mas maliit (bawat palapag), ang mga malapitang nakasalamuha ng bata ay ang: 1) mga nakasama sa parehong panloob na espasyo kasama ang nahawahang tao sa loob ng 15 minuto o higit pa sa loob ng 24-oras na panahon (piniling kahulugan) o 2) mga nasa loob ng 6 na talampakan ng nahawahang tao sa loob ng 15 minuto o higit pa sa loob ng 24-oras na panahon. Para sa mga kawani, ang pagtukoy sa mga malapitang nakasalamuha ay dapat gamitin ang kahulugan ng nakabahagi na espasyo sa mga panloob na espasyo na 400,000 kubikong talampakan o mas maliit pa (bawat palapag) alinsunod sa mga gabay ng Cal/OSHA.

Ang pinupuntirang pagtugon ng pampublikong kalusugan para mapigilan ang mga pagkakatantad sa COVID-19 sa antas ng komunidad ay maaaring makatulong para labis na palawigin ang epekto ng pagtugon ng Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng Los Angeles County (DPH) sa COVID-19.

Ang mga Tagapagbigay ng Maagang Pangangalaga at Edukasyon (Early Care and Education Providers o ECE Providers) ay mga pinagkakatiwalaang kapartner sa komunidad na makakatulong sa Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan para mapabuti ang pagiging maagap at epekto ng pagtugon ng Pampublikong Kalusugan (Public Health) sa pamamagitan ng agarang pagsisimula ng Plano sa Pamamahala ng Pagkakatantad sa COVID-19 (COVID-19 Exposure Management Plan o EMP). Ang agarang pagpapatupad ng EMP pagkatapos matukoy ang solong kaso ng COVID-19 sa Sentro ng ECE (ECE Center) ay maaaring magpabilis sa kakayahan na mapigilan ang pagkalat ng COVID-19 at mapigilan ang nag-iisang kasong iyon na maging sanhi ng pagsiklab sa lugar.

Ang mga hakbang para sa pamamahala ng pagkakatantad sa 1, 2, at 3 o mas marami pang mga kaso ng COVID-19 sa mga lugar ng ECE ay inilarawan sa ibaba at ibinuod sa Apendiks A. Dahil sa ang mga Tagapagbigay ng ECE (ECE Providers) ay magkakaiba ang antas ng mapagkukunang gamit para sa pamamahala ng pagkakatantad sa COVID-19, ang mga *iniaatas* na hakbang ay ang mga pinakamababang elemento na dapat isama sa EMP. Ang mga *inirekomendang* hakbang ay kinabibilangan ng mga pagpipiliang elemento para sa pamamahala ng pagkakatantad kung saan ang mga sentro ng mapagkukunan ay sapat.

Tandaan na ang mga pagtutukoy sa “mga sentro”, “mga kapaligiran” o “mga lugar” ay nalalapat sa lahat ng mga tagapag-alaga ng mga bata, kabilang ang mga tagapag-alaga sa mga bata sa tahanan ng pamilya (family childcare home providers). Ang salitang “kasong”

ay ginagamit para tumukoy sa taong nauugnay sa lugar ng ECE (ECE site) na mayroong impeksyon ng COVID-19. Kung ang dokumentong ito ay nagsasabing gumawa ng mga aksyon sa panig ng lugar patungo sa kaso (tulad ng pagbibigay ng mga tagubilin), ang kaso ay dapat na maunawaan ay ang apektadong kawani o ang magulang (o tagapag-alaga/katiwala) ng apektadong bata. Ang mga karagdagang mapagkukunan ng impormasyon para sa mga Sentro ng ECE ay maaaring matagpuan sa [Maaqang Pangangalaga at Edukasyon na COVID-19 Toolkit](#).

### Pagpapalano sa Pamamahala ng Pagkakatantad Bago Matukoy ang 1 Kaso ng COVID-19 sa Lugar ng ECE (ECE Site)

- ❑ *Iniaatas:* Ang itinalagang Tagapag-ugnay (Liaison) ng Sentro ng ECE para sa COVID-19 (ECE Center COVID-19 Liaison) na nagsisilbi bilang kontak sa pakikipag-ugnayan para sa mga protokol sa kaligtasan sa COVID-19. Ang itinalaga ay sisiguraduhin na ang mga kawani, mga pamilya at mga bata ay makakatanggap ng edukasyon tungkol sa COVID-19 at magsisilbing tagapag-ugnay sa Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan para sa pagbabahagi ng nasa antas ng lugar na impormasyon upang mapadali ang aksyon ng pampublikong kalusugan.
- ❑ *Iniaatas:* Ang plano para sa lahat ng mga bata, empleyado, bisita at mga miyembro ng sambahayan ng mga tahanan sa pampamilyang pag-aalaga sa bata na (1) may mga sintomas na naaayon sa COVID-19, (2) nalantad sa sentro (center), o (3) nasa sentro na may aktibong imbestigasyon ng pampublikong kalusugan na magkaroon ng akses sa pagsusuri (testing) o masuri para sa COVID-19.
- ❑ *Iniaatas:* Ang plano na iulat sa DPH ang lahat ng mga napag-alamang pagpapahospital at/o pagkamatay sa COVID-19 sa hanay ng mga bata o kawani sa pamamagitan ng pagpapadala ng abiso sa [ACDC-Education@ph.lacounty.gov](mailto:ACDC-Education@ph.lacounty.gov)
- ❑ *Inirekomenda:* Ang mga kapaligiran (setting) ng ECE na piniling magpatupad ng programa sa pananala ng sintomas ay pinapayuhang gamitin ang gabay sa [mga Landas ng Desisyon](#) para sa mga Sintomas at Pagkakatantad ng Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan para sa mga tao na hindi pa nasuri (tested) para sa COVID-19 ngunit nasalang (screen) positibo para sa mga sintomas bago pumasok o habang nasa lugar ng ECE.

### Pamamahala sa Pagkakatantad para sa Kaso ng COVID-19 sa Lugar ng ECE

- ❑ *Iniaatas:* Pagkatapos na kilalanin ang 1 kumpirmadong kaso ng COVID-19, sinasabihan ng Tagapagbigay ng ECE (ECE Provider) ang may kaso na sundin ang mga Tagubilin sa Pagbubukod sa Bahay (Home Isolation Instructions) para sa COVID-19 ([ph.lacounty.gov/covidisolation](http://ph.lacounty.gov/covidisolation)). TANDAAN: ang kumpirmadong kaso ng COVID-19 ay indibidwal na may positibong pagsusuri sa COVID-19. Sumangguni sa [halimbawa ng notipikasyon ng tagubilin sa pagbubukod](#) (nakapaskil sa [ph.lacounty.gov/EducationToolkit/ECE](http://ph.lacounty.gov/EducationToolkit/ECE)) para sa modelo na maaaring gamamit.
  - Ang mga bata (ng anumang edad) at kawani na may COVID-19 ay maaaring tapusin ang pagbubukod pagkatapos ng ika-5 Araw\* at bumalik sa pasilidad sa ika-6-10 Araw LAMANG kung ang lahat ng sumusunod na pamantayan ay natutugunan:
    1. Ang pagsusuri sa virus ng COVID-19\*\* na kinolekta sa ika-5 Araw o kalaunan ay negatibo, 2. Walang lagnat na hindi bababa sa 24 na oras nang hindi gumagamit ng gamot na nakapagpapababa ng lagnat, at 3. Ang iba pang mga sintomas ay bumubuti na --o-- Ang pagbubukod ay maaaring tapusin pagkatapos ng ika-10 Araw kung walang lagnat na hindi bababa sa 24 na oras nang hindi gumagamit ng gamot na nakapagpapababa ng lagnat.

\*Para sa mga bata at kawani na may mga sintomas (symptomatic), ang ika-0 Araw ay ang unang araw ng mga sintomas; ang ika-1 Araw ay ang unang buong araw pagkatapos na magkaroon ng mga sintomas. Para sa mga bata at kawani na walang mga sintomas (asymptomatic), ang ika-0 Araw ay ang araw na ang unang positibong pagsusuri ay nakolekta; ang ika-1 Araw ay ang unang buong araw pagkatapos na ang positibong pagsusuri ay nakolekta.

\*\*Ang pagsusuri ay dapat na pagsusuri sa virus na awtorisado ng FDA (hal., pagsusuring PCR o Antigen, kabilang ang mga pagsusuri sa bahay). Mas pinipili ang pagsusuring antigen para sa pagsusuri sa paglabas sa pagbubukod.
  - TANDAAN: Para sa mga kawani, alinsunod sa [Mga Pansamantalang Pamantayan sa Emerhensya](#) (Emergency Temporary Standards o ETS) sa Pagpigil sa COVID-19 ng Cal/OSHA, ang mga amo (employers) ay inatasan na tuparin ang sumusunod: ipagbigay-alam sa lahat ng empleyado ang tungkol sa kung paano sila makakakuha ng pagsusuri, mag-alok ng pagsusuri nang walang gastos at sa oras na bayad, at magbigay ng pagsusuri sa paraan na sinisigurado ang pagkumpidensyal ng empleyado. Para makasunod sa mga patakaran sa pagsusuri ng ETS, ang walang resetang (over-the-counter/OTC) pagsusuri sa COVID-19 ay maaaring parehong gawin ng sarili o basahin ng sarili kung ang beripikasyon ng mga resulta, tulad ng may tatak na oras at petsa na larawan ng resulta o pagsusuri ng OTC na gumagamit ng digital na pag-uulat na may mga resulta na tinatakan ng oras at petsa, ay ibinigay. Dagdag pa, maaaring humiling ang mga kawani ng mga maskara at respireytor mula sa kanilang amo nang walang gastusin sa mga kawani. Tingnan ang [Magsuot ng Maskara at Alamin ang Iyong mga Karapatan](#) para sa mas marami pang impormasyon.
  - Kung natutugunan ng bata ang pamantayan para lisanin ang pagbubukod pagkatapos ng Ika-5 Araw, ang mga edad 2

taong gulang pataas ay **mariing inirerekomenda** na magpatuloy na magsuot ng [mataas na antas na pamprotektang maskara](#) sa loob nang 10 araw pagkatapos ng kanilang positibong pagsusuri (o ang unang buong araw pagkatapos na magkaroon ng mga sintomas). Ang mga kawani na may COVID-19 ay **inaatasan** na magsuot ng mataas na antas na pamprotektang maskara sa lugar ng trabaho sa paligid ng iba, maliban kapag kumakain o umiinom, sa 10 araw pagkatapos na lumabas ang sintomas (o, kung walang mga sintomas, 10 araw pagkatapos ng petsa ng positibong pagsusuri).

- TANDAAN: May ilang mga tao na hindi dapat magsuot ng maskara, tulad ng mga batang wala pang 24 na buwan, mga taong may partikular na mga medikal na kondisyon o mga kapansanan, at mga taong sinabihan ng kanilang medikal na tagapagbigay na huwag magsuot ng maskara. Ang mga batang edad 2 hanggang 8 taong gulang ay dapat na magsuot lamang ng maskara kapag sumasailalim ng pangangasiwa ng matanda. Tingnan kung [Sino ang hindi dapat na magsuot ng maskara](#) at [Mga espesyal na pagsasaalang-alang para sa mga taong hirap sa pakikipag-usap o may ilang mga partikular na kapansanan](#).

☐ **Iniaatas:** Ang Nakikipag-ugnay sa Sentro ng ECE ay kumikilos upang matukoy ang lahat ng mga tao sa sentro na may pagkakatantad sa kumpirmadong positibong kaso habang nasa panahon ng nakakahawang kaso (mga malapitang nakasalamuha).

- Ang kaso ay itinuturing na nakakahawa mula 2 araw bago ang kanilang mga sintomas ay unang lumitaw hanggang sa matapos ang kanilang pagbubukod, tulad ng inilarawan sa Mga Tagubilin sa Pagbubukod sa Bahay para sa COVID-19 ([ph.lacounty.gov/covidisolation](#)). Ang tao na positibong nasuri sa COVID-19 ngunit walang mga sintomas ay itinuturing na nakakahawa mula 2 araw bago magpasuri hanggang matapos ang kanilang pagbubukod.
- Malapitang Nakasalamuha: Ang mga tao ay itinuturing na nalantad sa may kaso (malapitang nakasalamuha) habang nasa panahon ng nakakahawa kung:

**Sa mga panloob na espasyo na 400,000 kubikong talampakan o mas maliit bawat palapag:** Sila ay nakasama sa parehong panloob na espasyo sa sentro kasama ang nahawahang tao (kasong) sa kabuuang 15 minuto o higit pa sa 24-oras na panahon habang nasa panahon na nakakahawa ang isang nahawahang tao. Ito ang **piniling** kahulugan upang mahusay na mapigilan ang karagdagang transmisyong sa lugar ng ECE at mariing inirerekomenda para sa pagtukoy ng mga malapitang nakasalamuha ng bata sa mga silid aralan at mga panloob na espasyo na may katulad na sukat. **Ang nagsasama sa panloob na espasyong kahulugang ito ay dapat na gamitin para sa pagtukoy ng mga malapitang nakasalamuha ng kawani ayon sa Cal/OSHA ([Pagpiqil sa COVID-19 na ETS](#)).**

- Bilang alternatibo, ang mga pasilidad ng ECE ay maaaring limitahan ang pagtatalaga ng mga malapitang nakasalamuha ng bata sa mga bata na nasa loob ng 6 na talampakan ng nahawahang tao sa loob ng 15 minuto o higit pa sa 24-oras na yugto at maaaring ilapat ang kahulugang ito sa lahat ng mga kapaligiran, kabilang ang mga silid aralan.

**Sa mga panloob na espasyo na higit pa sa 400,000 kubikong talampakan bawat palapag:** Sila ay nasa loob ng 6 na talampakan ng nahawahang tao (kasong) sa kabuuang 15 minuto o higit pa sa 24-oras na panahon habang nasa panahon na nakakahawa ang isang nahawahang tao. Nalalapat ito sa parehong mga malapitang nakasalamuha ng bata at kawani. TANDAAN: Ang mga espasyo na nakahiwalay sa pamamagitan ng mga pader mula sahihang-kisame (hal. mga opisina, mga kwarto [suites], mga lugar ng pahingahan/kainan na nahihwalay ng mga pader mula sahihang-kisame) ay itinuturing na hiwalay na mga panloob na espasyo.

TANDAAN: Ang mga taong nalantad sa panlabas na lugar sa pasilidad ng ECE ay hindi itinuturing na mga malapitang nakasalamuha.

☐ **Iniaatas:** Ang mga tao na kinilalang nagkaroon ng pagkakatantad sa isang kaso ng COVID-19 sa lugar (mga malapitang nakasalamuha) ay inaabisuhan sa pagkakatantad ng Tagapagbigay ng ECE at binigyan ng mga aksyon na gagawin.

- Maaaring gawin ang mga abiso gamit ang pamamaraan ng indibidwal na abiso o grupong abiso kung saan ang mga indibidwal ay inaabisuhan ng kanilang pagkakatantad at mga aksyong gagawin. Sumangguni sa COVID-19 Template ng Sulat ng Abiso para sa mga Lugar ng Maagang Pangangalaga at Edukasyon para sa mga halimbawang padron (sample template) na maaaring gamitin para sa abisong ito (nakapaskil sa [ph.lacounty.gov/EducationToolkitECE](#)).
- Kung susundin ang kahulugan ng pagiging nasa loob ng 6 na talampakan ng nahawahang tao nang 15 minuto o higit pa sa 24-oras na panahon para sa pagtukoy ng mga malapitang nakasalamuha ng bata sa mga panloob na espasyo na 400,000 kubikong talampakan o mas maliit (hal. mga silid-aralan o kahalintulad na sukat na mga kapaligiran), ang lahat ng mga bata na gumamit ng parehong panloob na espasyo kasama ang nahawahang tao nang 15 minuto o higit

pa sa 24-oras na panahon ay dapat na abisuhan ng potensyal na pagkakalantad at bigyan ng inirerekomendang aksyon na gagawin. Sumangguni sa Template ng Mga Sulat ng Abiso sa COVID-19 para sa Maagang Pangangalaga at mga Lugar na Edukasyon para sa mga halimbawa ng template na maaaring magamit para sa abisong ito (nakapaskil sa [ph.lacounty.gov/EducationToolkitECE](http://ph.lacounty.gov/EducationToolkitECE)).

#### Aksyon para sa mga malapitang nakasalamuha

- Ang mga malapitang nakasalamuha na walang sintomas (asymptomatic) ay hindi inaatasan na magkulong; maaari silang manatili sa pasilidad kung sila ay susunod sa lahat ng [mga patakaran para sa malapitang nakasalamuha](#), partikular ang: (1) pagsusubaybay ng mga sintomas; (2) pagsusuot ng [mataas na antas na pamprotektang maskara](#) sa paligid ng iba sa mga panloob na lugar para sa mga edad 2 taong gulang pataas\*, maliban kapag kumakain, umiinom, o umiidlip sa loob nang 10 araw pagkatapos ng huling petsa ng pagkakalantad; (3) magpasuri gamit ang pagsusuri sa virus ng COVID-19 na awtorisado ng FDA (hal., pagsusuring PCR o Antigen, kabilang ang mga pagsusuri sa bahay) sa loob ng 3-5 araw mula sa huling petsa ng pagkakalantad.\*\*
  - Kung susundin ang kahulugan ng pagiging nasa 6 na talampakan ng nahawahang tao nang 15 minuto o higit pa sa 24 na oras na panahon para matukoy ang mga malapitang nakasalamuha ng bata sa mga panloob na espasyo na 400,000 kubiko talampakan o mas maliit (hal. mga silid-aralan o kahalintulad na sukat na mga kapaligiran), ang lahat ng mga bata na gumamit ng parehong panloob na espasyo kasama ang nahawahang tao nang 15 minuto o higit pa sa 24-oras na panahon ay pinapayuhan din na: (1) subaybayan para sa mga sintomas; (2) magsuot ng [mataas na antas na pamprotektang maskara](#) sa paligid ng iba sa mga panloob na lugar para sa mga edad 2 taong gulang pataas\* maliban kapag kumakain, umiinom, o umiidlip nang 10 araw pagkatapos ng huling petsa ng pagkakalantad; (3) magpasuri gamit ang pagsusuri sa virus ng COVID-19 na awtorisado ng FDA (hal., pagsusuring PCR o Antigen, kabilang ang mga pagsusuri sa bahay) sa loob ng 3-5 araw mula sa huling petsa ng pagkakalantad.\*\*

\*TANDAAN: May ilang mga tao na hindi dapat magsuot ng maskara, tulad ng mga bata na wala pang 24 na buwan, mga taong may ilang partikular na kondisyong medikal o mga kapansanan, at mga taong inutusan ng kanilang medikal na tagapagbigay na huwag magsuot ng maskara. Ang mga batang edad 2 hanggang 8 taong gulang ay dapat lamang magsuot ng maskara kapag nasa ilalim ng pangangasiwa ng matanda. Tingnan ang [Sino ang hindi dapat magsuot ng maskara](#) at [Mga Espesyal na konsiderasyon para sa mga taong hirap sa komunikasyon o may ilang mga kapansanan](#).

\*\*TANDAAN: Ang mga malapitang nakasalamuha ng mga bata/mag-aaral at mga kawani na walang mga sintomas (asymptomatic) na dating nahawahan ng SARS-CoV-2 sa loob ng huling 90 araw ay may eksemsyon mula sa pagkatapos-ng-pagkakalantad na patakarang pagsusuri ngunit dapat na magmaskara sa paligid ng iba sa mga panloob na lugar ng 10 araw pagkatapos ng huling petsa ng pagkakalantad, para sa mga edad 2 taong gulang pataas. Ang mga walang sintomas na malapit na nakasalamuha na gumaling na mula sa kamakailang impeksyon sa COVID-19 ay inirerekomenda na suriin 3-5 araw pagkatapos ng pagkakalantad kung ang kanilang nakaraang impeksyon ay higit sa 30 araw ang nakalipas (ibig sabihin, ang petsa ng unang positibong pagsusuri ay 31-90 araw na ang nakalipas). Ang pagsusuring antigen, na kinabibilangan ng mga pagsusuri sa bahay, ay dapat gamitin. Kung ang kanilang nakaraang impeksyon ay nasa loob ng nakalipas na 30 araw (ibig sabihin, ang unang positibong pagsusuri ay 1-30 araw na ang nakalipas), hindi inirerekomenda ang pagsusuri. Sumangguni sa Mga Tagubilin para sa Malapit na Contact para sa COVID-19 para sa mga detalye.

- **Ang mga sanggol at batang wala pang 2 taong gulang (o mas bata pa sa 24 na buwan) ay hindi dapat magsuot ng maskara.** Ang mga batang wala pang 2 taong gulang o edad na malapit na nakasalamuha at walang sintomas ay maaaring manatili sa pasilidad kung sila ay sinusubaybayan para sa mga sintomas at pagsusuri gamit ang isang awtorisadong FDA na pagsusuri sa viral COVID-19 sa loob ng 3-5 araw mula noong huling petsa ng pagkakalantad.
- Para sa mga batang edad 2 taong gulang pataas na mayroong eksemsyon\* ng maskara at nalantad, dapat silang magsuot ng panangga sa mukha na may tela sa ilalim kung pahihintulutan ng kanilang kondisyon. Para sa mga batang edad 2 taong gulang pataas na hindi makayanan ang maskara o panangga sa mukha na may tela sa ilalim, sila ay maaaring manatili sa lugar kung 1) sila ay mananatiling walang sintomas (asymptomatic), 2) sinusubaybayan para sa mga sintomas nang 10 araw pagkatapos ng huling pagkakalantad, at 3) nagpasuri ng dalawang beses para sa COVID-19 sa 10 araw pagkatapos ng huling pagkakalantad, isang beses habang nasa ika- 3-5 araw at isang beses habang nasa ika- 6-9 araw. Ang mga batang edad 2 taong gulang pataas na hindi makapagmamaskara pagkatapos ng pagkakalantad at hindi natutugunan ang mga patakaran ito ay dapat na manatili sa bahay hanggang pagkatapos ng Ika-10 Araw pagkatapos ng huling pagkakalantad.

\*Ang mga indibidwal na edad 2 taong gulang pataas ay maaaring may eksemsyon sa pagsusuot ng maskara para sa mga sumusunod na dahilan (sumangguni sa [Gabay para sa Mga Patakaran at Pinakamahuhusay na Kasanayan ng mga Tagapagbigay ng Maagaang Edukasyong Pambata](#) para sa karagdagang impormasyon):

- Mga taong may kapansanan sa pandinig, o nakikipag-usap sa taong may kapansanan sa pandinig, kung saan ang kakayahang makita ang bibig ay mahalaga para sa komunikasyon.
  - Mga taong may kondisyong medikal, kondisyon sa kalusugang pangkaisipan, o kapansanan o kung ang kanilang medikal na tagapagbigay ay nakapagpasya na hindi ligtas para sa kanila na magsuot ng maskara, ay maaaring maghain ng eksemsyon sa kanilang Tagapagbigay ng ECE. Ang sertipikasyon mula sa isang lisensyado ng estado na tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan na nagpapatotoo na ang bata ay may kondisyon o kapansanan na humahadlang sa kanila sa ligtas na pagsusuot ng maskara ay tatanggapin bilang patunay ng eksemsyon. Ang mga sumusunod na lisensyadong propesyonal ng pangangalagang pangkalusugan ay maaaring magbigay ng mga nasabing pagpapatotoo: Mga medikal na tagapagbigay kabilang ang doktor (MD o DO), propesyonal na nars (nurse practitioner o NP), o katulong ng doktor (physician assistant o PA) na nagsasanay sa ilalim ng awtoridad ng isang lisensyadong doktor; at mga lisensyadong propesyonal sa kalusugang pangkaisipan at pag-uugali kabilang ang Clinical Social Worker (LCSW), clinical psychologist (Psy.D.), Professional Clinical Counselor (LPCC), o Marriage and Family Therapist (LMFT).
  - Kung magkaroon ng mga sintomas, magpasuri gamit ang isang awtorisadong FDA na pagsusuri sa viral para sa COVID-19 at manatili sa bahay. Kung positibo ang pagsusuri, sundin ang Mga Tagubilin sa Pagbubukod sa Bahay para sa COVID-19 ([ph.lacounty.gov/covidisolation](http://ph.lacounty.gov/covidisolation)).
  - Ang mga kawani na malapitang nakasalamuha na nalantad sa trabaho ay dapat na sundin ang gabay na binalangkas sa [Mga Pansamantalang Pamantayan sa Emerhensya](#) sa Pagpigil ng COVID-19 ng Cal/OSHA. Mangyaring sumangguni sa [Mga Madalas na Katanungan sa Mga Pansamantalang Pamantayan sa Emerhensya sa COVID-19](#) ng Cal/OSHA para sa gagawin pagkatapos ng pagkalandad sa COVID-19.
  - Maaaring humiling ng mga maskara at respireytor ang mga kawani mula sa kanilang amo (employer) nang walang gastos sa kawani. Tingnan ang [Magsuot ng Maskara at Alamin ang Iyong mga Karapatan](#) para sa mas marami pang impormasyon.
  - Para sa mga kawani, alinsunod sa [Mga Pansamantalang Pamantayan sa Emerhensya](#) (ETS) sa Pagpigil ng COVID-19 ng Cal/OSHA, inatasan ang mga amo (employers) na tuparin ang sumusunod na mga patakaran sa pagsusuri: ipagbigay-alam sa lahat ng mga empleyado sa kung paano sila makakakuha ng pagsusuri, mag-alok ng pagsusuri nang walang gastos at sa bayad na oras, at magbigay ng pagsusuri sa paraan na sinisigurado ang pagka-kumpidensyal ng empleyado; upang sumunod sa mga patakaran ng pagsusuri ng ETS, ang walang resetang (over-the-counter/OTC) pagsusuri sa COVID-19 ay maaaring parehong gawin ng sarili o basahin ng sarili kung ang beripikasyon ng mga resulta, tulad ng may tatak na oras at petsa na larawan ng resulta o pagsusuri ng OTC na gumagamit ng digital na pag-uulat na may mga resulta na tinatakan ng oras at petsa, ay ibinigay.
- Iniaatas:* Ang mga pasilidad ng ECE ay inatasan na magkaroon ng plano para mapadali ang pagsusuri sa pagtugon sa COVID-19 para sa mga taong mayroong pagkakalandad sa pasilidad ng ECE. Ang mga kawani at batang nasuri ay dapat na ipagbigay-alam sa pasilidad ng ECE ang mga resulta ng pagsusuri. Ang mga mapagkukunan ng pagsusuri ay kinabibilangan ng Mga Programa ng Pagsusuri sa ECE, Mga Serbisyo sa Kalusugan ng Empleyado o Mga Serbisyo sa Kalusugang Pangtrabaho, Mga Tagapagbigay ng Personal na Pangangalagang Pangkalusugan, Mga Lugar sa Pagsusuri ng Lungsod ng LA at County ng LA: [covid19.lacounty.gov/testing](https://covid19.lacounty.gov/testing), at [Mga Lugar ng Pagsusuri na Nakabase sa Komunidad](#) (mga lokal na sentro ng kalusugan at parmasya). Ang mga indibidwal na nangangailangan ng tulong sa paghahanap ng medikal na tagapagbigay ay maaaring tumawag sa linya ng Impormasyon ng LA County 2-1-1, na magagamit 24 oras 7 sa isang linggo.
- Iniaatas:* Ang Tagapag-ugnay sa Sentro ng ECE ng COVID-19 ay dapat abisuhan ang Pampublikong Kalusugan ng lahat ng mga kumpol ng 3 o mas marami pang mga nakumpirmang kaso ng COVID-19 sa isang silid aralan, opisina, o iba pang binigyang kahulugan o matutukoy na grupo (hal., pangkat [cohort]), na nasa lugar sa anumang punto sa loob ng 14 na araw bago ang petsa ng paglitaw ng sakit. Ang petsa ng paglitaw ng sakit ay ang unang petsa ng mga sintomas ng COVID-19 o ng petsa ng pagsusuri ng COVID-19, alinman ang mas nauna.
- Ang lahat ng mga kumpol ng COVID-19 na nauugnay sa ECE ay dapat na iulat online sa pamamagitan ng ligtas na

web na aplikasyon ng Shared Portal for Outbreak Tracking (SPOT): [https://spot.cdph.ca.gov/s/?language=en\\_US](https://spot.cdph.ca.gov/s/?language=en_US). Kung may maraming mga kaso na iulat, ang mga pasilidad ay maaaring magsumite ng kanilang mga ulat gamit ang "Bulk Upload Template" na matatagpuan sa loob ng SPOT Portal. Ang lahat ng mga kumpol na may impormasyon para sa mga kaso ay dapat na iulat sa Pampublikong Kalusugan sa lalong madaling panahon, at hindi lalampas ng 1 araw ng negosyo ng maabisuhan ng ikatlo, o ng huli, na kaso sa kumpol.

- Ang mga Tagapagbigay ng ECE na kailangan ng tulong sa pag-uulat ng kumpol ng COVID-19 o iba pang mga gabay sa pamamahala ng pagkakalantad ay maaaring tumawag sa Sentro ng Pagtawag Para sa Pag-uulat ng Kaso ng COVID-19 sa Sektor ng Edukasyon, Lunes hanggang Biyernes mula 8:00AM hanggang 5:00PM. Ang mga Tagapangasiwa ng ECE na walang numero ng Sentro ng Pagtawag ay dapat na kumontak sa [ACDC-Education@ph.lacounty.gov](mailto:ACDC-Education@ph.lacounty.gov).

☐ *Iniaatas*: Kokonsulta sa Pampublikong Kalusugan ang Tagapagbigay ng ECE upang tukuyin kung ang 3 o mas marami pang mga kaso na kasama sa iniulat na kumpol ay may epidemiolohikang koneksyon, nangangahulugan na ang mga naapektuhang indibiduwal ay naroon sa isang punto sa parehong kapaligiran sa parehong oras ng panahon habang ang isa o lahat sila ay nakakahawa.\* Ang pagtukoy sa epidemiolohikang koneksyon sa mga kaso ay maaaring mangailangan ng dagdag na imbestigasyon upang masuri ang kasaysayan ng pagkakalantad at matukoy ang lahat ng posibleng mga lokasyon at mga tao na maaaring nalantad sa (mga) kaso habang sila ay nakakahawa sa lugar.

*\*Ang may kaso ay itinuturing na nakakahawa mula 2 araw bago ang kanilang mga sintomas ay unang lumitaw hanggang sa matapos ang pagbubukod o kung walang mga sintomas, mula sa 2 araw bago ang kanilang unang positibong pagsusuri hanggang sa matapos ang pagbubukod.*

- Kabilang sa mga kaso na may epidemiolohikang koneksyon ay ang mga tao na may natutukoy na mga koneksyon sa isa't isa tulad ng pagsasama sa iisang pisikal sa espasyo (hal., sa isang silid aralan, kaganapan ng ECE, opisina, o transportasyon), na nagpapahiwatig ng isang mas mataas na posibilidad ng nauugnay na paglaganap ng sakit sa kapaligiran iyon sa halip na manaka-nakang transmisyon mula sa isang mas malawak na komunidad. Kung umiiral ang epidemiolohikang koneksyon, papayuhan ng Pampublikong Kalusugan ang Tagapagbigay ng ECE sa mga mahahalagang hakbang na gagawin at mga komunikasyon sa mga bata, kanilang mga pamilya at mga empleyado sa mga pag-iingat na gagawin upang mapigilan ang paglaganap sa lugar, kasama ang pagpapatupad ng mga interbensyon na partikular sa lugar para sa pagkontrol ng impeksyon.
- Tutukuyin ng Pampublikong Kalusugan kung ang pamantayan ng paglaganap ay natugunan: hindi bababa sa 3 kumpirmadong kaso ng COVID-19 sa loob ng 14-araw na panahon ng bawat isa sa isang partikular na grupo\* na may mga miyembro na may epidemiolohikang koneksyon, hindi magkasama sa iisang bahay, at hindi malapitang nakasalamuha ng isa't isa sa labas ng kampus.
  - Kung ang mga pamantayan ng pagsiklab ay hindi natugunan, ang DPH ay magpapayo sa Tagapagbigay ng ECE na magpatuloy sa regular na nakagawiang pamamahala ng pagkakalantad.
  - Kung ang mga pamantayan ng pagsiklab ay natugunan at ang DPH ay nagrekomenda ng isang pagtugon sa paglaganap, aabisuhan ng DPH ang Tagapagbigay ng ECE na papaganahin ang isang imbestigasyon sa pagsiklab at ang isang imbestigador ng pampublikong kalusugan ang makikipag-ugnayan ng direkta sa lugar upang makipagtulungan sa pagtugon.

*\*Kabilang sa partikular na grupo ang mga tao na nagbabahagi ng isang karaniwang pagiging miyembro sa lugar (hal., silid-aralan, kaganapan, transportasyon, at opisina). Nangangailangan ang epidemiolohikang koneksyon na ang mga nahawahang tao ay naroroon sa isang punto sa parehong kapaligiran sa parehong oras habang nakakahawa.*

APPENDIX A: Mga Hakbang para sa Pamamahala ng mga Pagkakalantad para sa mga Kaso ng COVID-19 sa Lugar ng ECE

<p><b>1 Kaso</b></p>	<ol style="list-style-type: none"> <li>1) Iniaatas: Tuturuan ng Tagapagbigay ng ECE ang may kaso na sundin ang Mga Tagubilin sa Pagbubukod sa Bahay.</li> <li>2) Iniaatas: Tutukuyin ng Tagapagbigay ng ECE ang mga malapitang nakasalamuha sa lugar ng ECE. Maaaring kontakin ng mga Tagapagbigay ng ECE ang Pampublikong Kalusugan para sa tulong sa pagtukoy sa mga malapitang nakasalamuha sa pamamagitan ng pag-email sa <a href="mailto:ACDC-education@ph.lacounty.gov">ACDC-education@ph.lacounty.gov</a> o sa pagtawag sa Sentro ng Pagtawag ng Pag-uulat ng Kaso ng COVID-19 sa Sektor ng Edukasyon.</li> <li>3) Iniaatas: Aabisuhan ng Tagapagbigay ng ECE ang mga ECE na may kontak ng pagkakalantad.</li> </ol>
<p><b>2 Kaso</b></p>	<ol style="list-style-type: none"> <li>1) Iniaatas: Aabisuhan ng Tagapagbigay ng ECE ang mga kaso na sundin ang mga tagubilin sa pagbubukod.</li> <li>2) Iniaatas: Tutukuyin at aabisuhan ng Tagapagbigay ng ECE ang (mga) ECE na may kontak ng (mga) pagkakalantad.</li> <li>3) Inirekomenda: Kung ang 2 kaso ay nangyari sa loob ng 14 na araw ng bawat isa, maaaring kumonsulta ang Tagapagbigay ng ECE sa DPH para tukuyin kung ang mga kaso ay may mga epidemiolohikang koneksyon. Kung may mga epidemiolohikang koneksyon, ang mga lugar ng ECE ay magpapatupad ng mga karagdagang hakbang sa pagkontrol ng impeksyon.</li> </ol> <p>Ang mga tagapagbigay na ECE ay maaaring tumawag sa Sentro ng Pagtawag sa Pag-uulat sa Kaso ng COVID-19 sa Sektor ng Edukasyon o mag-email sa <a href="mailto:ACDC-Education@ph.lacounty.gov">ACDC-Education@ph.lacounty.gov</a> para sa tulong sa pagtukoy kung ang mga kaso ay may mga epidemiolohikang koneksyon.</p>
<p><b>3+ Kaso</b></p>	<ol style="list-style-type: none"> <li>1) Iniaatas: Aabisuhan ng Tagapagbigay ng ECE ang mga kaso na sundin ang mga tagubilin sa pagbubukod.</li> <li>2) Iniaatas: Tutukuyin at aabisuhan ng Tagapagbigay ng ECE ang (mga) ECE na may kontak ng (mga) pagkakalantad.</li> <li>3) <b>Iniaatas: Kung ang kumpol ng 3 o mas marami pang mga kaso sa isang silid-aralan, opisina, o sa isang paunang tinukoy na grupo (hal., pangkat [cohort]) na nasa kampus sa anumang punto sa loob ng 14 na araw bago ang paglitaw ng sakit, aabisuhan agad ng Tagapagbigay ng ECE ang DPH sa pamamagitan ng pag-uulat online sa: <a href="https://spot.cdph.ca.gov/s/?language=en_US">https://spot.cdph.ca.gov/s/?language=en_US</a>.</b></li> <li>4) Iniaatas: Tutukuyin ng DPH kung ang mga pamantayan sa pagsiklab ay natugunan. Kung pinagana ang isang imbestigasyon ng pagsiklab ng DPH, ang imbestigador ng pampublikong kalusugan (public health investigator) ay makikipag-ugnayan sa lugar ng ECE upang makipagtulungan sa imbestigasyon sa pagsiklab.</li> </ol>